PANDESAL 2005

Martes, Pebrero 1, 2005
Ika-4 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Heb 12:1-4
Tinapay ng Buhay: Mc 5:21-43

Pagkatawid ni Jesus sa lawa na sakay sa bangka, pinagkalipumpunan siya ng maraming tao sa tabing-dagat.

At may dumating na isang pinuno ng sinagoga na nagngangalang Jairo. Nagpatirapa ito sa kanyang paanan at pilit na ipinakiusap sa kanya: “Naghihingalo ang aking dalagita kaya halika para maligtas siya at mabuhay sa pagpapatong ng iyong mga kamay.” Kaya umalis si Jesus kasama niya at sumunod din sa kanya ang mga tao na gumigitgit sa kanya. May isa namang babae na labindalawang taon nang dinudugo.… At nang mabalitaan niya ang tungkol kay Jesus, nilapitan niya ito sa likuran sa gitna ng mga tao at hinipo ang damit nito, sapagkat naisip niya: “Kung mahihipo ko lamang ang kanyang mga damit, gagaling na ako.”…

Ngunit agad din namang nadama ni Jesus na may lakas na lumabas sa kanya kaya lumingon siya sa gitna ng mga tao at nagtanong: “Sino ang humipo sa mga damit ko?”…Kaya lumapit na nanginginig sa takot ang babae. Namamalayan nga nito ang nangyari kaya lumapit ito at nagpatirapa sa harap niya at inamin sa kanya ang buong katotohanan.

At sinabi sa kanya ni Jesus: “Anak, iniligtas ka ng iyong pananalig. Humayo kang mapayapa at magaling ka na sa iyong sakit.”… Pagpasok niya sa kinaroroonan ng bata, hinawakan niya ito sa kamay at sinabi: “Talita kum”, na ibig sabihi’y “Nene, sinasabi ko sa iyo, bumangon ka.”

At noon di'y bumangon ang bata at nagsimulang maglakad. (Labindalawang taon na nga siya.) At nagkaroon ng pagkamangha, malaking pagkamangha. Mahigpit na iniutos ni Jesus sa kanila na huwag itong sabihin kaninuman, at sinabi sa kanila na bigyan ng makakain ang bata.

Komentaryo

Ang mga salaysay ukol sa pagpapagaling - ang batang babaeng anak ng opisyal ng sinagoga na agaw-buhay ang kalagayan at ng babaeng 12 taon nang maysakit - ay mga paliwanag tungkol sa kalikasan ng sakramento. “Kung mahihipo ko lamang... gagaling ako,” at agad gumaling ang babae. Agad namang nadama ni Jesus na

may lakas na lumabas sa kanya kaya lumingon siya at sinabi sa babae: "...iniligtas ka ng iyong pananalig." Pananampalataya ang nagtulak sa kanya na abutin si Jesus upang makamit ang lunas ng kanyang karamdaman. Kung lagi nating batid na tayo ay makasalanan at kung pinagsisisihan natin ito at nagbabalik-loob sa Panginoon, dadamhin nating lagi ang lubos niyang mapagpalayang pagmamahal.

Claretian Publications Inc., 8 Mayumi St., U.P. Village, Diliman, Quezon City, U.P. P.O. Box 4, Diliman, 1101 Quezon City; Tel.: 921-3984; Fax: 921-7429

E-mail: cci@claret.org

Websites: http://www.bible.claret.org (Claretian Publications)

& http://missionaries.claret.org (Claretians in the Philippines)

Miyerkules, Pebrero 2, 2005
Pagdadala kay Jesus sa Templo

Unang Pagbasa: Mal 3:1-4
Ikalawang Pagbasa: Heb 2:14-18
Tinapay ng Buhay: Lc 2:22-32

Nang dumating na ang araw ng paglilinis nila ayon sa Batas ni Moises, dinala nina Jose at Maria ang sanggol sa Jerusalem para iharap sa Panginoon - tulad ng nasusulat sa Batas ng Panginoon: Lahat ng panganay na lalaki ay ituturing na banal para sa Panginoon.

Dapat din silang mag-alay ng sakripisyo tulad ng binabanggit sa Batas ng Panginoon: isang pares na batubato o dalawang inakay na kalapati.

Ngayon, sa Jerusalem ay may isang taong nagngangalang Simeon; totoong matuwid at makadiyos ang taong iyon. Hinihintay niya ang pagpapaginhawa ng Panginoon sa Israel at sumasakanya ang Espiritu Santo. Ipinaalam naman sa kanya ng Espiritu Santo na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang Mesiyas ng Panginoon. Kaya pumunta siya ngayon sa Templo sa pagtutulak ng Espiritu, nang dalhin ng mga magulang ang batang si Jesus para tuparin ang kaugaliang naaayon sa Batas tungkol sa kanya.

Kinalong siya ni Simeon sa kanyang mga braso at pinuri ang Diyos, at sinabi: "Mapayayaon mo na ang iyong utusan, Panginoon, nang may kapayapaan ayon na rin sa iyong wika; pagkat nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas na inihanda mo sa

paningin ng lahat ng bansa, ang liwanag na ibubunyag mo sa mga bansang pagano at ang luwalhati ng iyong bayang Israel.”

Komentaryo

Ipinagdiriwang natin ang pagdadala kay Jesus, Anak ng Diyos at Anak ni Maria, sa templo. Kinalong ni Maria si Jesus at inialay niya ito sa Diyos. Kinuha siya ni Simeon at niluwalhati ang Diyos. Sa Byzantine Liturgy tinatawag itong pag-aalay o “Hypapante,” “Pagtatagpo”. Sa murang edad ni Jesus ay naitalaga na ang anino ng krus at ang pagpapanumbalik ng liwanag mula sa kadiliman. Ipinagdiriwang din ngayon ang pagbabasbas ng kandila na gagamitin sa liturhiya. Ang kandila ay simbolo ni Kristo, ang ilaw ng mundo at ng ating pusong umaalab sa pag-ibig at pasasalamat. Sana’y manatili ang init ng pagmamahal sa ating mga puso.

Huwebes, Pebrero 3, 2005
Ika-4 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Heb 12:18-19, 21-24
Tinapay ng Buhay: Mc 6:7-13

Naglibot si Jesus sa mga nayon sa paligid sa kanyang pagtuturo. At tinawag niya ang Labindalawa at sinimulang isugo sila nang dala-dalawa. Binigyan niya sila ng kapangyarihan sa mga maruming espiritu. At sinabihan niya silang huwag magdala ng anuman para sa paglalakbay kundi tungkod lamang. Walang pagkain, walang pitaka o pera sa sinturon. Nakasandalyas at may isang damit lang.

At sinabi niya sa kanila: “Pagtuloy ninyo sa isang bahay, manatili kayo roon hanggang sa pag-alis ninyo mula roon. Kung may lugar na hindi tatanggap o makikinig sa inyo, umalis kayo roon at ipagpag ang alikabok sa inyong mga paa bilang sakdal sa kanila.”

At pag-alis nila, ipinangaral nila ang pagbabalik-loob. Maraming demonyo ang kanilang pinalayas at marami ring maysakit ang pinagaling nila sa pagpapahid ng langis.

Komentaryo

Makikita natin na ipinamumulat na ni Jesus sa kanyang mga alagad ang kanilang magiging buhay sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita. Kalakip dito ang lubos na pagtitiwala sa Kanyang pag-aaruga sa pamamagitan ng mga taong bukas palad na tumutulong sa kanila sa gawain. “Sinabihan niya silang huwag magdala ng anuman

para sa paglalakbay kundi tungkod lang….” Isa itong napakalaking hamon sa buhay ng bawat misyonero. Kung nanaisin nating sumunod sa kanyang mga yapak, kailangan ang lubos na pagtitiwala sa kanya at mamuhay ng payak.

Biyernes, Pebrero 4, 2005
Ika-4 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Heb 13:1-8
Tinapay ng Buhay: Mc 6:14-29

Nabalitaan din ni Haring Herodes ang tungkol sa kanya sapagkat tumanyag na ang kanyang pangalan. May nagsasabing nabuhay si Juan Bautista mula sa mga patay kaya nagkakabisa sa kanya ang makalangit na kapangyarihan. Sinabi naman ng iba: “Si Elias nga ito,” at ng iba pa: “Ito ay isang propeta gaya ng mga propeta noon.” Nang mabalitaan ito ni Herodes ay sinabi niya: “Nabuhay nga sa mga patay si Juan na pinapugutan ko ng ulo.”

Si Herodes nga ang nagpahuli kay Juan, at ipinakadena ito sa kulungan dahil kay Herodias na asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. Pinakasalan ni Herodes si Herodias at sinabi ni Juan kay Herodes: “Hindi mo puwedeng kasamahin ang asawa ng iyong kapatid.” Talaga ngang matindi ang galit ni Herodias kay Juan at gusto niya itong patayin pero hindi niya magawa. Iginagalang nga ni Herodes si Juan dahil itinuturing niya itong mabuti at banal na tao, kaya pinanatili niya itong buhay. Nalilito siya matapos makinig kay Juan, gayunma’y gusto pa rin niyang marinig ito.

At nagkaroon ng pagkakataon sa kaarawan ni Herodes nang maghanda siya para sa kanyang mga opisyal, mga pinuno ng hukbo at mahalagang tao ng Galilea. Pagpasok ng anak ni Herodias, nagsayaw ito at nasiyahan naman sa kanya si Herodes at lahat ng nasa handaan. Sinabi ng hari sa dalagita: “Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo.” At sinumpaan pa niya ang pangakong ito: “Ibibigay ko sa iyo ang anumang hingin mo, kahit na ang kalahati ng aking kaharian.” Lumabas ang anak at tinanong ang kanyang ina: “Ano ang hihingin ko?” At sumagot naman ito: “Ang ulo ni Juan Bautista.” Agad niyang pinuntahan ang hari at sinabi: “Gusto kong ibigay mo agad sa akin ang ulo ni Juan Bautista sa isang bandeha.”

Labis ang pagdadalamhati ng hari dahil sa mga pangakong sinumpaan niya at sa mga bisita kaya ayaw niya siyang tanggihan. Kaya iniutos ng hari sa isa niyang guwardiya na dalhin ang ulo ni Juan. Pinugutan nito si Juan sa kulungan, inilagay sa isang bandeha ang kanyang ulo, ibinigay sa dalaga, at ibinigay naman

ito ng dalaga sa kanyang ina. Nang mabalitaan ito ng mga alagad ni Juan, dumating sila para kunin ang kanyang katawan at ini-libing.

Sabado, Pebrero 5, 2005
Ika-4 na Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Heb 13:15-17, 20-21
Tinapay ng Buhay: Mc 6:30-34

Pagbalik ng mga apostol kay Jesus, isinalaysay nila sa kanya ang lahat nilang ginawa at itinuro. Sinabi naman niya sa kanila: “Tayo na sa isang ilang na lugar para mapag-isa tayo at makapagpahinga kayo nang kaunti.” Sapagkat doo’y marami ang paroo’t parito at hindi man lamang sila makakain. Kaya lumayo sila at namangka na sila-sila lang patungo sa ilang na lugar.

Ngunit nakita silang umalis ng ilan at nabalitaan ito ng marami. Kaya nagtakbuhan sila mula sa kani-kanilang bayan at nauna pang dumating na lakad kaysa kanila.

Pagdating ni Jesus sa pampang, nakita niya ang maraming taong nagkakatipon doon at naawa siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol. At nagsimula siyang magturo sa kanila nang matagal.

Komentaryo

Pagod na ang mga apostol at kailangan nilang magbalik-tanaw sa kanilang karanasan at pagnilayan ang kanilang nakita at ginawa. Nakita ni Jesus na labis silang nabigatan sa mga paghihirap kaya’t sinisikap niyang mabuhayan sila ng loob sa pagpapakita ng mga “tanda ng pag-asa.” Pina-

pagtibay din ng salmo na sa anumang sitwasyon, may magagawa tayo para mabuhayan ng loob at magkaroon ng panibagong pag-asa. Binibigyan tayo ng Diyos ng mga tanda na hindi niya tayo pababayaan at magtiwala sa kanya. “Ang Panginoon ang aking Pastol, di ako kukulangin sa anuman” (Slm 23:1).

Linggo, Pebrero 6, 2005
Ika-5 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Is 58:7-10

Sinabi ng Panginoon: “Ibahagi ang iyong pagkain sa nagugutom, patuluyin ang mga dukhang walang masilungan, damitan ang nakikita mong hubad at huwag talikuran ang sarili mong dugo at laman.

At parang umagang magbubukanliwayway ang iyong liwanag, at ang paggaling mo’y agad na lilitaw. Ang pagkamatuwid mo’y mangunguna sa iyo, Luwalhati ni Yawe ang tanod sa likod mo. Tatawag ka at tutugunin ni Yawe, sisigaw ka at sasabihin niyang “Narito ako.” Kung aalisin mo sa iyong piling ang pamatok, ang nandudurong daliri at masasakit na salita, kung magmamalasakit ka para sa nagugutom at bibigyang-ginhawa ang mga api, ang liwanag mo’y magniningning sa karimlan, ang iyong gabi’y matutulad sa katanghaliang-tapat.”

Ikalawang Pagbasa: 1 Cor 2:1-5

Nang dumating ako sa inyo, mga kapatid, upang ipahayag sa inyo ang misteryosong balak ng Diyos, hindi ako gumamit ng mga matayog na pananalita o karunungan.

Talagang ipinasya kong walang malaman sa piling ninyo maliban kay Jesucristo na siyang ipinako sa krus. At ako ay mahina, takot at nangangatog nang husto noong pinuntahan ko kayo. Wala namang mapanghikayat na mga salita o karunungan sa aking pananalita at pahayag. Sa halip nagkaroon ng pagpapatunay ng espiritu at kapangyarihan upang huwag magmula ang pananampalataya ninyo sa karunungan ng tao kundi sa kapangyarihan ng Diyos.

Tinapay ng Buhay: Mt 5:13-16

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Kayo ang asin ng mundo. Ngunit kung mawalan ng lasa ang asin, paano pa ito mapaaalat na muli? Wala na itong silbi. Itatapon na lamang at tatapakan ng mga tao.

“Kayo ang ilaw ng mundo. Hindi maitatago ang lunsod na itinayo sa tuktok ng bundok. Hindi rin sinisindihan ang ilaw para takpan ng kahon, sa halip ay inilalagay ito sa isang lampara at tumatanglaw sa lahat ng nasa bahay. Gayundin naman ang inyong liwanag sa paningin ng mga tao; at makikita nila ang inyong mabubuting gawain at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit.”

Komentaryo

“Kayo ang asin... kayo ang ilaw ng mundo” (Mt. 5: 13-14). Hinahamon tayo ni Jesus para baguhin ang mundo - maging asin at ilaw ang ating Simbahan para sa mundo. Ang buhay-Kristiyano ay di lamang pag-intindi sa sariling kapakanan, kundi pagbabahaginan. Kung wala ito, ang buhay- Kristiyano ay parang asing nawalan ng lasa. Kung ang asin ay pampalasa sa pagkain, at

ang ilaw ay nakapagbibigay-liwanag, kahalintulad nito ay ang pagbibigay kahulugan sa ating buhay. Marami sa ating paligid ang nangangailangan ng asin at ilaw sa buhay.

Marami sa ating mga kakilala o makapangyarihan sa lipunan ang laging nagsisimba pero walang nagagawa sa kapwa. Nakagawian na nila ang pagsisimba bilang patunay sa kanilang pagiging Katoliko, pero kailan kaya sila naging asin at ilaw sa kanilang kapwa? Ang pagkaabalahan sana natin ay kung paano tayo makikita sa mundo bilang liwanag, bilang mga saksi sa pananampalataya, pag-asa at pag-ibig sa gitna ng kawalan ng lubos na kapayapaan sa daigdig.

Lunes, Pebrero 7, 2005
Ika-5 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Gen 1:1-19
Tinapay ng Buhay: Mc 6:53-56

Pagkatawid nila, dumating si Jesus at ang kanyang mga alagad sa pampang ng Genesaret at doon nila isinadsad ang bangka. Paglunsad nila ng bangka, nakilala si Jesus ng mga tagaroon at patakbo nilang ipinamalita ito sa lupaing iyon. Kaya dinala nila ang mga maysakit na nasa higaan kung saan nila mabalitaang naroon siya. At saanman siya lumakad, sa mga nayon man o sa bayan o sa bukid, inilalagay nila sa mga liwasan ang mga maysakit at nakikiusap sa kanya na mahipo man lamang sana nila ang laylayan ng kanyang damit, at gumaling ang lahat ng humipo rito.

Komentaryo

Sa ebanghelyo, natunghayan natin ang kuwento ng pagpapagaling at pagpapagaan ni Jesus sa karamdaman ng mga maysakit. Sa mga gawaing ito siya naging sikat at nakilala saan man siya magpunta. Marami ang nakinig sa kanya dahil payak at makahulugan ang kanyang mga paliwanag tungkol sa Kaharian ng Diyos. Higit na nabighani ang mga tao sa pagmamahal na dumadaloy galing sa kanya. Dahil dito, naging ganap ang kanilang tiwala at pag-asa sa kanya, kaya kahit sa paghipo lamang sa kanyang balabal ay naniniwala ng mapapagaling sila.

Martes, Pebrero 8, 2005
Ika-5 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Gen 1:20-2:4

Tinapay ng Buhay: Mc 7:1-13

Nagkatipon sa paligid ni Jesus ang mga Pariseo at ilan sa mga guro ng Batas na galing sa Jerusalem.

Napansin nila na kumakain ang ilan sa mga alagad niya nang may maruming kamay, na hindi naghuhugas ayon sa seremonya. Sinusunod nga ng mga Pariseo pati na ng mga Judio ang tradisyon ng kanilang mga ninuno at hindi sila kumakain nang hindi muna naghuhugas ng mga kamay. At hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang di muna ito nililinis, at marami pa'ng dapat nilang tuparin, halimbawa'y ang paglilinis ng mga inuman, mga kopa at pinggang tanso.

Kaya tinanong siya ng mga Pariseo at mga guro ng Batas: "Bakit hindi isinasabuhay ng iyong mga alagad ang tradisyon ng mga ninuno? Hindi nga sila naghuhugas ng kamay bago kumain."

At sinabi sa kanila ni Jesus: "Tama ang propesiya ni Isaias tungkol sa inyong mga mapagkunwari. Nasusulat na "Pinararangalan ako ng mga ito sa kanilang labi, at malayo naman sa akin ang kanilang mga puso. Walang silbi ang kanilang pagsamba sa akin at kautusan lamang ng tao ang kanilang itinuturo.

"Pinabayaan nga ninyo ang utos ng Diyos para itatag ang tradisyon ng mga tao."

At sinabi ni Jesus: "Mahusay na pinawalang-bisa ninyo ang salita ng Diyos para tuparin ang inyong tradisyon. Sinabi nga ni Moises: 'Igalang mo ang iyong ama at ina', at 'patayin ang sinumang sumumpa sa kanyang ama o ina.' Ngunit sinasabi ninyo na kung may magsasabi sa ama o ina, "Korbean - inialay na sa Diyos - ang puwede kong itulong sa inyo, hindi n'yo na siya pinagagawa ng anuman para sa ama o ina. Kaya pinawalang-bisa ninyo ang salita ng Diyos dahil sa ipinapasa ninyong tradisyon. At marami pa ang mga ginagawa ninyong ganito."

Komentaryo

Nasangkot si Jesus sa isang diskusyon na nauukol sa mga gawi ng tradisyon. Binatikos niya ang pikit-matang pagkapit at pagkatakot ng mga pariseo na bumitiw sa mga sinauna at masasamang nakaugalian nila. Sa ating buhay-Kristiyano may pinakamahalagang aral na di nagbabago: ito ang Turo ng Diyos, na nagkaroon ng kaganapan sa mga salita at gawa ni Jesus. Tayo, bilang mga tagasunod, ay patuloy na inaanyayahan ni Jesus na buksan ang ating mga sarili sa diwa ng tunay na pananampalataya. Sa gayon, mabibigyan natin ng buhay at kabuluhan ang ating mga tradisyon.

Miyerkules, Pebrero 9, 2005
Miyerkules ng Abo

Unang Pagbasa: Joel 2:12-18
Ikalawang Pagbasa: 2 Cor 5:20–6:2
Tinapay ng Buhay: Mt 6:1-6, 16-18

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Pag-ingatang huwag maging pakitang-tao lamang ang inyong mabubuting gawa. Kung ganito ang gagawin ninyo, wala na kayong gantimpala sa inyong Amang nasa langit. Kaya pag nagbibigay ka ng limos, huwag pahipan ang trumpeta sa unahan gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa sinagoga at sa mga daan; gusto nilang mapuri ng mga tao. Sinisiguro ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto.

Kaya kung ikaw naman ang magbibigay ng limos, huwag ipaalam sa iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay; at mananatiling lihim ang iyong paglilimos at ang iyong Amang nakakakita sa mga lihim ang siyang gagantimpala sa iyo.

Kung mananalangin kayo, huwag ninyong tularan ang mga mapagkunwari. Gustung-gusto nilang tumayo sa mga sinagoga o sa mga daan para manalangin nang nakikita ng marami. Sinisiguro ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto. At kung ikaw naman ang mananalangin, pumasok sa iyong silid, isara ang pinto at manalangin sa iyong Ama na kasama mo nang lihim; at ang iyong Ama na nakakakita sa ipinaglilihim ang gagantimpala sa iyo.

Pag mag-aayuno kayo, huwag magpakita ng lungkot sa mukha gaya ng mga mapagkunwari. Nagpapakita sila ng lungkot sa mukha para makita ng tao na nag-aayuno sila. Talagang sinasabi ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto. Kung ikaw naman ang mag-aayuno, maghilamos at ayusin ang sarili sapagkat hindi ka nag-aayuno para pakitang-tao lamang kundi para sa iyong Amang nakakakita sa lahat. At gagantimpalaan ka ng iyong Amang nakakakita sa lahat ng lihim.”

Komentaryo

Papasok na tayo sa panibagong panahon sa pag-inog ng ating liturhiya: ang Miyerkules ng Abo. Ang abo ay simbulo ng pagpapanibagong buhay at pagsisisi. Ito ay araw ng pag-aayuno at abstinensiya lalo na sa mga nakatanggap ng abo sa kanilang noo sa mga salitang: “Magbagong buhay at maniwala sa magandang balita” (Mc 5:15). Ang mga pagbasa ngayon ay panawagan ng pagsisisi. Ang ebanghelyo naman ay babalang hindi tayo gagantimpalaan ng Diyos kung sariling interes ang ating hangad.

Sa panahong ito, lagi nating paalalahanan ang sarili tungkol sa katapatan at sinseridad na hinihingi ni Jesus mula sa kanyang mga tagasunod.

Huwebes, Pebrero 10, 2005
Kasunod ng Miyerkules ng Abo

Unang Pagnbasa: Dt 30:15-20
Tinapay ng Buhay: Lc 9:22-25

Sinabi nga ni Jesus: “Kailangang magtiis ng marami ang Anak ng Tao. Itatakwil nga siya ng mga Matatanda ng bayan, ng mga punong-pari at ng mga guro ng Batas. Papatayin siya at muling babangon sa ikatlong araw.”

Sinabi naman ni Jesus sa lahat: “Kung may gustong sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus araw-araw para sumunod sa akin. Sapagkat ang naghahangad na magligtas ng kanyang sarili ay mawawalan nito, at ang mawawalan ng kanyang sarili alang-alang sa akin ay siyang makapagliligtas nito. Ano ang pakinabang ng tao tubuin man niya ang buong daigdig at mawawala naman o mapapahamak ang kanyang sarili?”

Komentaryo

“Kung may gustong sumunod sa akin, itakwil ang kanyang sarili at kunin ang kanyang krus araw-araw para sumunod sa akin” (Lc 9:23). Isang paalala sa mga nagnanais sumunod kay Kristo, na ang mga sakripisyo ay kalakip ng pagsunod sa kanya. Simulang kalimutan ang mga pansariling kapakanan. Sa pagsunod sa kanya, bahagyang kunin ang krus, at sundan siya sa kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay. Ito’y parang isang sugal na kung saan ay handa nating itaya ang lahat kahit tayo’y mawalan, upang matagpuan muli natin siya sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga paghihirap ng ating kapwa. Ang kuwaresma ay panahon ng pagpapanibago ng landas na ating tinatahak.

Biyernes, Pebrero 11, 2005
Biyernes Kasunod ng Miyerkules ng Abo
Mahal na Birheng Lourdes

Unang Pagbasa: Is 58:1-9
Tinapay ng Buhay: Mt 9:14-15

Lumapit ang mga alagad ni Juan kay Jesus at nagtanong: “May araw ng ayuno kami at ang mga Pariseo, at wala bang pag-aayuno ang iyong mga alagad?”

Sinagot sila ni Jesus: “Puwede bang magluksa ang mga abay sa kasalan habang kasama pa nila ang nobyo? Darating ang panahon na aagawin sa kanila ang nobyo at sa araw na iyon sila mag-aayuno.”

Komentaryo

Ang pag-aayuno ay simbolo ng pagpapahayag ng kalungkutan dahil sa pagkawala ng isang bagay o taong mahalaga. Si Jesus na siyang napakahalaga at buhay ng mga alagad ay kasa-kasama pa nila, kaya sila ay maligaya. Wala silang dahilang malungkot dahil nasa tabi nila ang siyang pinagmumulan ng kanilang kaligayahan. Pero dahil sa mga pangyayaring magaganap, sinabi rin ni Jesus: “Darating ang panahon na aagawin sa kanila ang nobyo at sa araw na iyon sila ay mag-aayuno” (Mc 9:15b). Samantalang hindi pa yan dumarating, si Jesus at ang kanyang mga alagad ay nilalasap ang kahalagahan ng presensiya ng bawat isa.

Sabado, Pebrero 12, 2005
Sabado Kasunod ng Miyerkules ng Abo

Unang Pagbasa: Is 58:9-14
Tinapay ng Buhay: Lc 5:27-32

Nakita ni Jesus ang isang kolektor ng buwis na nagngangalang Levi na nakaupo sa paningilan ng buwis. Sinabi niya rito: “Sumunod ka sa akin.” Tumayo naman ito, iniwan ang lahat at sumunod sa kanya.

Naghandog sa kanya si Levi ng isang marangyang handaan sa kanyang bahay at nakisalo sa kanila ang maraming kolektor ng buwis at iba pang mga tao. Dahil dito’y pabulong na nagreklamo ang mga Pariseo at ang panig sa kanilang mga guro ng Batas sa mga alagad ni Jesus: “Bakit kayo kumakain at umiinom kasama ng mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?” Sumagot naman si Jesus at sinabi sa kanila: “Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit. Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan tungo sa pagbabalik-loob.”

Komentaryo

Isang inspirasyon ang winika ni Jesus: “Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit. Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan tungo sa pagbabalik-loob” (Lc 5:31-32). Tunay nga na ang mensahe niya ay napakahalaga. Tawagin natin ang Diyos, hilingin natin nang buong

pagpapakumbaba ang kanyang pagpapagaling. Sa Diyos lamang natin matatagpuan ang tunay na kahulugan ng kaligayahan. Sa kabila ng ating mga kasalanan, mahal niya tayo. Ngayong panahon ng kuwaresma, tayo nama'y binibigyan ng pagkakataong makapagbalik-loob sa kanya.

Linggo, Pebrero 13, 2005
Unang Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Gen 2:7-9; 3:1-7

Pagkatapos ay hinubog ni Yawe-Diyos ang Tao mula sa alabok ng lupa, at inihinga sa ilong nito ang hininga ng buhay, at nabuhay ang Tao. Nagtanim ang Diyos ng isang hardin sa Eden, sa silangan; at doon niya inilagay ang Taong kanyang hinubog. Pinasibol ni Yawe-Diyos sa lupa ang lahat ng punongkahoy na maganda sa tingin at mabuting kainin. At inilagay niya sa gitna ng hardin ang Puno ng Buhay at ang Puno ng Kaalaman tungkol sa Mabuti at Masama.

Pinakatuso ang ahas sa lahat ng mababangis na hayop na ginawa ni Yawe-Diyos. Sinabi nito sa babae: "Sinabi ba talaga ng Diyos – Hindi kayo dapat kumain ng bunga ng alinmang puno sa hardin?" Sinabi ng babae sa ahas: "Makakain namin ang mga bunga ng mga puno sa hardin, ngunit para sa bunga ng punong nasa gitna ng hardin sinabi ng Diyos – Huwag ninyong kakanin iyon ni hipuin man lang, kung hindi'y mamamatay kayo."

Sinabi ng ahas sa babae: "Hindi kayo mamamatay, ngunit alam ng Diyos na sa oras na kainin ninyo iyon, mamumulat ang inyong mga mata at matutulad kayo sa mga diyos na alam ang mabuti at masama."

Sa tingin ng babae ay katakam-takam ang bunga ng puno at masarap kainin – at tunay na magandang paraan upang magtamo ng kaalaman. Kaya pumitas siya ng mga bunga niyon at kumain, at inabutan niya kaagad ang kanyang asawa na kasama niya. At kumain din iyon.

Namulat sila kapwa at nalaman nilang sila ay hubad. Kaya pinagtagni-tagni nila ang mga dahon ng igos at ginawa nilang tapi.

Ikalawang Pagbasa: Rom 5:12-19

Sa pamamagitan ng iisang tao pumasok ang kasalanan sa daigdig; at sa pamamagitan ng kasalanan, ang kamatayan. At umabot ang kamatayan sa lahat ng tao dahil nagkasala ang lahat. Nasa daigdig na ang kasalanan, pero wala pang matatawag na paglabag

dahil wala pang Batas. Kaya mula kay Adan hanggang kay Moises, napailalim sa kamatayan maging ang mga hindi nagkasala dahil sa paglabag sa utos - gaya ni Adan - na siyang anino lamang ng ibang darating na Adan.

Ganyan ang pagkadapa. Ngunit walang kaparis ang bisa ng kaloob ng Diyos. Namatay ang lahat dahil sa kasalanan ng isa lamang; ngunit mas dumadami pa ang regalo ng Diyos, ang masaganang libreng kaloob na umabot sa napakaraming tao mula sa isang tao na si Jesucristo. Noo'y may isang makasalanan lamang. Mas malawak naman ang kaloob. Mula sa isang hinatulan ang paghatol, ngunit ngayon, marami ang mga makasalanang na-ging matuwid. Iisa ang nagkasala noon, at mula sa iisa lamang naghari ang kamatayan, ngunit ngayon, kay sagana ng kaloob na regalo ng kabanalang tinatanggap ng mga maghahari sa kaharian ng buhay sa pamamagitan ng iisang Jesucristo!…

Tinapay ng Buhay: Mt 4:1-11

Dinala ng Espiritu si Jesus sa disyerto upang tuksuhin siya ng diyablo. Pagkatapos ng apatnapung araw at apatnapung gabing di kumakain, nagutom si Jesus. Kaya lumapit sa kanya ang demonyo at sinabi: "Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, utusan mo ang mga batong ito na maging tinapay." Ngunit sumagot si Jesus: "Sinasabi ng Kasulatan: Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao kundi sa bawat namumutawi sa bibig ng Diyos."

Dinala naman siya ng diyablo sa Banal na Lunsod, inilagay siya sa nakausling pader ng Templo, at sinabi: "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, tumalon ka paibaba pagkat sinasabi ng Kasulatan: Uutusan ng Diyos ang kanyang mga anghel para sa iyo. Bubuhatin ka nila upang hindi matisod ang iyong paa sa bato." Sumagot si Jesus: "Ngunit sinasabi rin ng Kasulatan: Huwag mong hamunin ang Panginoon mong Diyos."

At agad na dinala ng diyablo si Jesus sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kanya ang lahat ng bansa ng daigdig sampu ng kayamanan at kadakilaan ng mga ito. At sinabi sa kanya: "Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito kung luluhod ka at sasamba sa akin." Kaya sumagot si Jesus: "Lumayo ka, Satanas! Sinasabi nga ng Kasulatan: Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos; siya lamang ang iyong paglilingkuran."

Kaya iniwan siya ng diyablo at lumapit naman ang mga anghel at naglingkod sa kanya.

Komentaryo

Matutunghayan natin sa ebanghelyo ang mga tuksong dinaanan ni Jesus. Sinikap siyang kumbinsihin ng diyablo na kahibangan ang kanyang hangaring iligtas ang sanlibutan sa mga pamamaraang ipinapanukala ng Diyos. Kung sa madalian sana ito, kayang-kayang gawin ito ni Jesus sa isang iglap lamang. Kung ganito ang kanyang ginawa, mawawalan na ng saysay ang kahalagahan ng pagsasakripisyo. Tinuturo ni Jesus kung paano magiging matatag laban sa bitag ng demonyo na kadalasa'y nasa imahen ng mga naiaalok ng mga materyal na bagay. Gaya ni Jesus, kailangan muna tayong magkaroon ng tunay at malalim na pagkaunawa sa salita ng Diyos.

Tayo'y hinahamong gamitin ang kalayaang ibinigay sa atin. Kagustuhan ni Kristong ta- yo'y sumunod sa kanya pero tayo ay malayang piliin ang matuwid o ang baluktot na daan patungo sa kanya. Hindi kaya ang kuwaresma ang tamang panahon ng pagbabalik sa kanya? Kung hindi ngayon, kailan pa kaya?

Lunes, Pebrero 14, 2005
Unang Linggo ng Kuwaresma
Cirilo at Metodio

Unang Pagbasa: Lev 19:1-2, 11-18
Tinapay ng Buhay: Mt 25:31-46

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Pagdating ng Anak ng Tao… Dadalhin sa harap niya ang lahat ng bansa at parang isang pastol na inihihiwalay ang mga tupa sa mga kambing, gayundin niya paghihiwa-hiwalayin ang mga tao. Ilalagay niya ang mga tupa sa kanan niya at ang mga kambing sa kaliwa.

"Sasabihin ng Hari sa mga nasa kanan niya: 'Halikayo, pinagpala ng aking Ama! Manahin ninyo ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa sa simula ng daigdig. Sapagkat nagutom ako at in-yong pinakain, nauhaw ako at inyong pinainom. Naging dayuhan ako at pinatuloy ninyo ako. Nang ako'y hubad, dinamitan ninyo ako; nang maysakit ako, binisita ninyo ako. Nang ako'y nasa bilangguan, dinalaw ninyo ako.'

"At itatanong sa kanya ng mababuti: 'Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom at pinakain, nauuhaw at pinainom, isang dayuhan at pinatuloy, at walang suot at dinamitan? Kailan ka namin nakitang maysakit o nasa bilangguan at nilapitan?' Sasagutin sila ng Hari: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang gawin ninyo sa isa sa maliliit na ito na mga kapatid ko, sa akin ninyo ginawa.'

“Pagkatapos ay sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa niya: 'Mga isinumpa, lumayas kayo sa harap ko tungo sa apoy na walang katapusan na inihanda para sa diyablo at sa mga anghel nito! Sapagkat nagutom ako at di ninyo binigyan ng makakain, nauhaw at di ninyo pinainom, naging dayuhan ako at di ninyo pinatuloy, maysakit at nasa bilangguan at di ninyo binisita.'

Kaya itatanong din nila: ‘Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom, nauuhaw, dayuhan, hubad, maysakit o nakabilanggo, at di ka namin pinaglingkuran?’ Sasagutin sila ng Hari: ‘Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang di ninyo ginawa sa isa sa maliliit na ito, hindi ninyo ginawa sa akin.’

“At pupunta ang mga ito sa walang hanggang parusa, ngunit sa walang hanggang buhay naman ang mga makatarungan."

Komentaryo

“Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom... isang dayuhan... bilanggo at nilapitan?... Anuman ang gawin ninyo sa isa sa maliit na mga kapatid ko, sa akin ninyo ginawa” (Mt 25:37-40). Tinutukoy ni Jesus ang ating pagmamahal at pagaasikaso sa ating kapwa. Nakikiisa si Jesus sa mga tao, sa mga maliliit, o anuman ang kanilang kalagayan sa ating lipunan. Natatangi ang pagmamahal niya sa mga taong itinakwil ng karamihan, mga walang tahanan, mga kapatid na naghihirap at nagdurusa. Ang kuwaresma ang nag-aanyaya sa atin upang simulan na ang pagbabalik-loob. Paano ito simulan? Lumingon ka sa iyong paligid, iabot ang kamay sa kapwa.

Martes, Pebrero 15, 2005
Unang Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Is 55:10-11
Tinapay ng Buhay: Mt 6:7-15

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Pag mananalangin kayo, huwag kayong magsalita nang magsalita gaya ng ginagawa ng mga pagano; naniniwala nga sila na mas pakikinggan sila kung marami silang sinasabi. Huwag kayong tumulad sa kanila. Alam ng inyong Ama ang mga pangangailangan ninyo bago pa man kayo humingi.

Kaya, ganito kayo manalangin:
Ama naming nasa Langit,
sambahin ang Ngalan mo,
dumating ang Kaharian mo,
sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa Langit.
Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw,

patawarin mo ang aming mga pagkakautang
gaya ng pagpapatawad namin sa mga nagkakautang sa amin.
Huwag mo kaming dalhin sa tukso,
at iligtas mo kami sa Masama.

"Kung patatawarin ninyo ang mga nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa Langit. At kung hindi ninyo patatawarin ang mga nagkasala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama."

Komentaryo

Ibinigay ni Jesus sa kanyang mga alagad ang napakahalagang panalangin: ang Ama Namin bilang pinakaganap na panalanging bumubukal sa puso ng mga anak ng Diyos, sapagkat dito natin naipapahayag ang lahat ng ating ninanais. Ang kanyang Salita ay mabunga, tapat, nag-uutos, humihingi. Dapat tayong matutong tumupad sa Salita upang maging mabunga, makatotohanan, at puno ng pag-asa ang lahat ng ating pagsasakripisyo sa panahong ito. Magiging mabunga lahat ang ating gawain para sa kapwa kung ito'y sinasabayan natin ng panalangin. Ang mga gawaing bukal sa kalooban ay hindi na kailangang ipaalam sa karamihan. Paano ba tayo tumutulong sa ating kapwa?

Miyerkules, Pebrero 16, 2005
Unang Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Jon 3:1-10
Tinapay ng Buhay: Lc 11:29-32

Nang dumadagsa na ang mga tao, nagsimulang magsalita si Jesus: "Masamang lahi ang lahing ito; humihingi ito ng palatandaan pero walang ibang palatandaang ibibigay rito kundi ang palatandaan ni Jonas.

"At kung paanong naging palatandaan si Jonas para sa mga taga-Ninive, gayundin naman ang Anak ng Tao para sa mga tao sa kasalukuyan. Sa paghuhukom, babangon ang Reyna ng Timog kasama ng mga lalaki ng lahing ito at hahatulan sila.

"Sapagkat dumating siya mula sa kabilang dulo ng mundo para masaksihan ang karunungan ni Solomon at dito'y may mas dakila pa kay Solomon. Sa paghuhukom, babangon ang mga lalaking taga-Ninive kasama ng salinlahing ito at hahatulan nila ito dahil nagbalik-loob sila sa pangangaral ni Jonas; at dito'y may mas dakila pa kay Jonas."

Komentaryo

"Naniwala sa Diyos ang mga taga-Nineve at nagdeklara sila ng pag-aayuno at nagdamit-sako silang lahat mula sa pinakadakila hanggang sa pinakaaba" (Jon 3:5). Ang unang pagbasa ay nagsasabing ang pagsisisi ay para sa lahat. Hindi lamang ito imbitasyon para sa mga makasalanan kundi sa lahat ng binyagan. Kung ninanais nating mapalapit sa Diyos, dapat tayo ay gumawa ng paraan upang sabay-sabay na magbalik-loob at lahat ay magkaroon ng dalisay na puso at tapat na pagmamahal. Ito'y lalong pinagtibay ng salmo: "Ilikha mo ako ng dalisay na puso o Diyos, bigyan ako ng Espiritung bago at matuwid" (Slm 51: 12).

Huwebes, Pebrero 17, 2005
Unang Linggo ng Kuwaresma
Ang Pitong Nagtatag ng Orden Servita

Unang Pagbasa: Es C, 12, 14-16, 23-25
Tinapay ng Buhay: Mt 7:7-12

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Humingi at kayo'y bibigyan; maghanap at matatagpuan ninyo; kumatok at bubuksan ang pinto para sa inyo. Talaga ngang tumatanggap ang humihingi, nakakakita ang naghahanap, at pagbubuksan ang kumakatok. Sino sa inyo ang magbibigay ng bato sa kanyang anak kung tinapay ang hinihingi nito? Sino ang magbibigay ng ahas kung isda ang hinihingi nito? Kahit masama kayo, marunong kayong magbigay ng mabuting bagay sa inyong mga anak. Gaano pa kaya ang inyong Amang nasa Langit? Magbibigay siya ng mabubuting bagay sa mga hihingi sa kanya.

"Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto ninyong gawin sa inyo, ito ang nasa Batas at Mga Propeta."

Komentaryo

Inaanyayahan tayo ni Jesus na magkaroon ng malalim na pananalig sa ating panalangin. Sabi nga, "Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa," samakatuwid, inaasahan na maging matiyaga tayo sa pagdulog sa Diyos. Ang pagkatok, paghingi, at paghanap ay mga pamamaraan ng pagpapahayag ng paglapit sa kanya. Kung mataman natin itong ginagawa, di ba't tayo'y kanyang nasusumpungan? Sa kagandahang loob ni Jesus ay tinuruan niya tayong manalangin sa Ama. Sana alalahanin natin sa ating panalangin ang lahat ng tao, higit yaong mga tunay na nangangailangan, at nawa'y patuloy tayong manalig sa kanya, siya na Bukal ng Awa at pagpapala.

Biyernes, Pebrero 18, 2005
Unang Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Ezk 18:21-28
Tinapay ng Buhay: Mt 5:20-26

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Sinasabi ko sa inyo na kung hindi mas ganap ang inyong kabanalan kaysa sa mga guro ng Batas at mga Pariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Langit.

“Narinig na ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno: Huwag kang papatay: hahatulan ang sinumang pumatay. Sinasabi ko naman sa inyo: hahatulan ang nagagalit sa kanyang kapatid. Hahatulan sa Sanggunian ang sinumang magsabi ng “Tanga” sa kanyang kapatid; hahatulan sa apoy ng impiyerno ang sinumang magsabi ng “Tanga.” Kaya sa paglalagay mo sa altar ng iyong hain at naalaala mong may reklamo sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong hain sa harap ng altar at puntahan mo ang iyong kapatid para makipagkasundo sa kanya. At saka ka bumalik at ialay ang iyong hain sa Diyos.

“Makipagkasundo na sa iyong kaaway habang papunta pa kayo sa hukuman, at baka ipaubaya ka niya sa hukom na magpapaubaya naman sa iyo sa pulisya na magkukulong sa iyo. Talagang sinasabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas hangga’t di mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo.”

Komentaryo

“Makipagkasundo sa iyong kaaway habang papunta pa kayo sa hukuman, at baka ipaubaya ka niya sa hukom na magpapaubaya naman sa iyo sa pulisya na magkukulong sa iyo” (Mt 5:25).

Ang mensahe ngayon ay tungkol sa pakikipagkasundo. Para maging makabuluhan ang ating paglalakbay, hinihikayat tayo ng Salitang linisin ang daang tinatahak palapit kay Kristo. Paano tayo lalapit sa kanya kung hindi natin mapatawad ang mga sa ati’y nagkasala? Ang pagsunod sa kanya, ay sinisimbulo ng krus. Ang pataas ay patungo sa Diyos at ang pahalang ay sa ating kapwa. Habang hinihintay ang Panginoon, umaasa tayo sa kanyang Salita.

Sabado, Pebrero 19, 2005
Unang Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Dt 26:16-19

Tinapay ng Buhay: Mt 5:43-48

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Narinig na ninyo na sinabi: Mahalin mo ang iyong kapwa at kamuhian ang iyong kaaway. Ngunit sinasabi ko sa inyo: Mahalin ninyo ang inyong kaaway, at ipagdasal ang mga umuusig sa inyo. Sa ganito kayo magiging mga anak ng inyong Amang nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa kapwa masama at mabuti, at pinapapatak niya ang ulan sa kapwa makatarungan at di-makatarungan.

“Kung mahal ninyo ang nagmamahal sa inyo, bakit kayo gagantimpalaan? Di ba’t ginagawa rin ito ng mga kolektor ng buwis? At kung ang mga kapatid ninyo lamang ang inyong binabati, ano ang naiiba rito? Di ba’t ginagawa rin ito ng mga pagano?

“Kaya maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Amang nasa langit.”

Komentaryo

...Tuparin mong mabuti ang mga ito ng buo mong puso at ng buo mong kaluluwa” (Dt 26:17). Hinahamon tayo ni Jesus na gaya ng ating mga ninuno, ay tuparin ang utos niya sa atin, mahalin ang kapwa, hindi lamang ang mga nagmamahal sa atin kundi pati ang kaaway. Minsan lamang binanggit ni Jesus ang: “Kaya maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Ama.” Ibig sabihin nito ay loobin talaga ng Diyos na tayo ay maging kawangis niya. Para mangyari ito, ang kailangan natin ay pusong puno ng pagmamahal at marunong umunawa at tumanggap sa iba.

Linggo, Pebrero 20, 2005
Ika-2 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Gen 12:1-4

Sinabi ni Yawe kay Abram: “Umalis ka sa iyong bayan, sa iyong lahi, sa sambahayan ng iyong ama, at magpunta ka sa lupang ituturo ko sa iyo. Gagawin kitang isang malaking bayan. Pagpapalain kita at gagawin kong dakila ang iyong pangalan, at magiging pagpapala ka sa iba. Pagpapalain ko ang magpapala sa iyo, at susumpain ko ang sinumang susumpa sa iyo. At sa pamamagitan mo’y pagpapalain ang lahat ng bayan sa daigdig.

Kaya umalis si Abram ayon sa sinabi ni Yawe, at sumama sa kanya si Lot.

Ikalawang Pagbasa: 2 Tim 1:8-10

Kaya huwag mong ikahiya ang patotoo ng ating Panginoon ni ako mismo na bilanggo para sa kanya. Sa halip, makibahagi ka rin sa mahirap na gawaing pang-Ebanghelyo sa tulong ng lakas ng Diyos.

Siya ang nagligtas sa atin, at hinirang niya tayo sa banal na pagtawag, hindi sa bisa ng ating mga gawa kundi sa kanyang sariling balak at kagandahang-loob. Bago pa magsimula ang panahon, ibinigay na ang kagandahang-loob na ito sa atin kay Kristo Jesus, ngunit ngayo'y ibinunyag sa pagpapakita ni Kristo Jesus na ating Tagapagligtas. Pinuksa nga niya ang kamatayan at pinagliwanag ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Ebanghelyo.

Tinapay ng Buhay: Mt 17:1-9

Pagkaraan ng anim na araw, isinama ni Jesus sina Pedro, Jaime at ang kapatid nitong si Juan, at umakyat na sila lamang ang kasama sa isang mataas na bundok. Nagbago ang anyo ni Jesus sa harap nila: nagningning gaya ng araw ang kanyang mukha at kuminang na puting-puti ang kanyang damit gaya ng liwanag. At napakita sa kanila sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Jesus.

Kaya nagsalita si Pedro at sinabi niya: "Panginoon, mabuti at narito tayo. Kung gusto mo, gagawa ako ng tatlong kubol: isa para sa iyo, isa para kay Moises, at isa para kay Elias."

Nagsasalita pa si Pedro nang takpan sila ng isang makinang na ulap. At mula sa ulap ay narinig ang salitang ito: "Ito ang aking Anak, ang Minamahal, ang aking Hinirang; pakinggan ninyo siya."

Nang marinig iyon ng mga alagad, napasubsob sila sa lupa, na takot na takot. Ngunit nilapitan sila ni Jesus at hinipo, at sinabi: "Tumayo kayo, huwag matakot." At pagtingala nila, wala silang nakita liban kay Jesus. At sa pagbaba nila mula sa bundok, inutusan sila ni Jesus na huwag sabihin kaninuman ang pangitain hanggang maibangon ang Anak ng Tao mula sa mga patay."

Komentaryo

Sa kanyang Pagbabagong-anyo, siniguro ni Moises at Elias kay Jesus na malapit ng maganap ang nakatakdang mangyayari sa kanya sa Jerusalem: kamatayan sa krus. Binigyan rin siya ng patikim ng kanyang Muling Pagkabuhay. Sa pagkakataong ito, ipinakilala ng Ama kung paano si Jesus, ang Bagong Sugo, ay ipinadala upang tupdin ang pangakong kaligtasan sa bayan ng Israel. Ito'y nasaksihan nina Pedro, Juan at Jaime sa kanilang paggising. Kahit na magkakasamang nagliling- kod ang Labindalawa, hindi pare-pareho ang antas na kanilang narating sa kanilang pakikipag-ugnayan kay Jesus. Di ba gayundin naman tayo sa ating pananampalataya sa kanya? Iba-iba rin ang antas at lalim ng

ating pakikipag-ugnayan kay Jesus, kaya marahil kung minsan iilan lang sa atin ang nakakamalas ng kanyang kaluwalhatian. Kaya sana huwag din tayong patulug-tulog sa ating pananampalataya ng sa gayun masilayan natin ang pagbabagong ipapakita ni Jesus sa ating buhay.

Lunes, Pebrero 21, 2005
Ika-2 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Dn 9:4-10
Tinapay ng Buhay: Lc 6:36-38

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Maging maawain kayo gaya ng inyong Amang maawain.

“Huwag kayong humatol, at hindi kayo hahatulan; huwag ninyong sumpain ang sinuman, at hindi kayo susumpain; magpatawad kayo, at kayo’y patatawarin. Magbigay kayo, at kayo’y bibigyan - isang saganang takal, siksik, liglig at umaapaw ang mabubuhos sa inyong kandungan. Sapagkat susukatin kayo sa sukatang ginagamit ninyo.”

Komentaryo

“Maging maawain kayo,... Huwag kayong humatol... magbigay kayo...”

(Lc 6:36-37).

Minsan pang tinalakay ni Jesus ang ating mga makamundong asal. Inaanyayahan niya tayong iwaksi ang mga ito. Itinuturo niya sa atin ang daan ng pagbabago ng sarili at maging tunay na larawan at kahawig ng Amang nasa langit. Ang kuwaresma ay napakahalagang panahon upang buuin nating muli ang ating ugnayan sa Diyos at sa isa’t isa na sinira ng pagkamakasarili, galit, at katigasan ng puso. Hilingin natin sa Diyos na tayo’y bigyan ng kaloobang mapagpatawad at nagpapahalaga sa pagkakaisa.

Martes, Pebrero 22, 2005
Ika-22 Linggo ng Kuwaresma
Ang Luklukan ni San Pedro. Apostol

Unang Pagbasa: 1 P 5:1-4
Tinapay ng Buhay: Mt 16:13-19

Pumunta noon si Jesus sa may dakong Cesarea ni Filipo. Tinanong niya ang kanyang mga alagad: “Ano ang Anak ng Tao para sa mga tao? Sino ako para sa kanila?” Sumagot sila: “May

nagsasabing si Juan Bautista ka; may iba pang nagsasabing si Elias ka o si Jeremias o isa sa mga propeta kaya.”

Sinabi niya sa kanila: “Ngunit sino ako para sa inyo?” At sumagot si Simon Pedro: “Ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos na Buhay.” Sumagot naman si Jesus: “Mapalad ka, Simon Bar-Yona, hindi nga laman at dugo ang nagbunyag nito sa iyo kundi ang aking Amang nasa Langit.

“At ngayon sinasabi ko sa iyo: Ikaw si Pedro (o Bato) at sa batong ito ko itatayo ang aking Iglesya; at hinding-hindi ito madadaig ng kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng Langit: ang itali mo dito sa lupa ay itatali rin sa Langit, at ang kalagan mo dito sa lupa ay kakalagan din sa Langit.”

Komentaryo

“Mapalad ka Simon.” Ito ang mga salita ng pagbati ni Jesus kay Pedro ng ipahayag ng huli na siya ang Mesiyas, Anak ng Diyos na Buhay. Samakatuwid, ito ang nagbunsod kay Jesus upang bigyang diin ang pangunguna ni Pedro. Siya ang itinuring niya na pangunang bato ng kanyang Iglesya. Maraming pagkakataon na ang pagkakilala natin kay Jesus ay sinusubukan. Tinatalos niya kung hanggang saan ang lalim ng pagkakaugat ng ating pananampalataya sa kanya. Tayo, bilang mga Kristiyano, kagaya ba ng kay Pedro ang ating pagkakakilala kay Kristo? Kung hindi pa, sana mapagnilayan natin…

Miyerkules, Pebrero 23, 2005
Ika-2 Linggo ng Kuwaresma
Policarpio

Unang Pagbasa: Jer 18:18-20
Tinapay ng Buhay: Mt 20:17-28

Nang umakyat si Jesus sa Jerusalem, isinama niya ang Labindalawa, at habang nasa daan ay sinabi niya sa kanila: “Papunta na tayo sa Jerusalem. Doon ibibigay ang Anak ng Tao sa mga punong-pari at mga guro ng Batas na maghahatol sa kanya ng kamatayan. Kaya ibibigay nila siya sa mga pagano para pagtawanan, hagupitin at ipako sa krus. Ngunit babangon siya sa ikatlong araw.”

Lumapit noon kay Jesus ang ina nina Jaime at Juan kasama ng dalawa niyang anak, at lumuhod sa harap niya para makiusap. Tinanong siya ni Jesus: “Ano ang ibig mo?” At sumagot siya:

“Narito ang dalawa kong anak. Iutos mong maupo ang isa sa iyong kanan at ang isa naman sa iyong kaliwa sa iyong Kaharian.”

Sinabi ni Jesus sa magkapatid: “Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi. Maiinom ba ninyo ang kalis na iinumin ko?” Sumagot sila: “Kaya namin.” Sumagot si Jesus: “Totoong iinom din kayo sa aking kalis, ngunit wala sa akin ang pagpapaupo sa aking kanan o kaliwa. Para sa mga hinirang ng Ama ang mga lugar na iyon.”

Nang marinig ito ng sampu, nagalit sila sa magkapatid. Kaya tinawag sila ni Jesus at sinabi: “Alam ninyo na sinusupil ng mga naghahari ang kanilang mga bansa at inaapi ng mga nasa kapangyarihan. Hindi naman ganito sa inyo: ang may gustong maging dakila, siya ang maging lingkod ninyo; ang may gustong mauna sa inyo, siya ang maging alipin ninyo. Gayundin naman, dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami.”

Komentaryo

Ang ebanghelyo sa araw na ito ay tungkol sa pamununo. Ano ba ang mga katangian ng isang tunay na pinuno?

Ang paghiling ng ina nina Jaime at Juan na paupuin ang kanyang mga anak sa kanyang tabi ay ginamit ni Jesus bilang pagkakataon na ipaliwanag na wala sa kapangyarihan ang katanyagan kundi sa pagtahak ng kanyang landas. Marami ang nagsasabing sila ay sumusunod kay Jesus pero iniiwasan naman ang tunay na kahulugan nito: ang pakikibahagi sa kalis ng kanyang buhay at kamatayan, ang pagsunod sa kanya, ang pagyakap sa kanyang krus. Pumarito si Jesus upang maglingkod at ang kusang-loob niyang pag-aalay ng kanyang buhay ang ganap na tanda nito.

Huwebes, Pebrero 24, 2005
Ika-2 Linggo ng Kuwaresma

Uanng Pagbasa: Jer 17:5-10
Tinapay ng Buhay: Lc 16:19-31

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “May isang mayaman na nakabihis ng magarang damit at pinong linen at parang piyesta ang kanyang buhay sa araw-araw. Nakahandusay naman sa may pintuan niya ang isang dukhang nagngangalang Lazaro. Tadtad siya ng mga sugat at gusto sana niyang kainin ang mumong nahuhulog sa hapag ng mayaman; sa halip ay mga aso ang lumalapit sa kanya at hinihimuran ang kanyang mga sugat. At namatay ang dukha at

dinala siya ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin naman ang mayaman at inilibing. Nang nasa impiyerno na siya, tumingala siya sa kanyang pagdurusa at natanaw sa malayo si Abraham at si Lazaro sa piling nito. Kaya sumigaw siya: ‘Amang Abraham, maawa ka sa akin at utusan mo naman si Lazaro na isawsaw niya sa tubig ang dulo ng kanyang daliri para paginhawahin ang aking dila dahil lubha akong naghihirap sa lagablab na ito.’

Sumagot si Abraham: ‘Anak, alalahanin mong tinanggap mo na sa buhay mo ang mabuti sa iyo at kay Lazaro naman ang masasama. Kaya siya ngayon ang nasa ginhawa at ikaw ang nagdurusa. At isa pa’y malawak na kabundukang di matatawid ang itinakda sa pagitan natin. Kaya hindi makatatawid ang mga may gustong pumunta riyan galing dito, at hindi rin naman makatatawid ang mula riyan papunta rito.’ Sumagot ang mayaman: ‘Kaya ipinakikiusap ko sa iyo, Ama, na papuntahin mo si Lazaro sa bahay ng aking ama, kung saan naroon ang lima kong kapatid para babalaan sila upang di sila mapunta sa lugar na ito ng pagdurusa.’ Sumagot si Abraham: ‘Nasa kanila si Moises at ang mga propeta, makinig sila sa mga ito.’ Sinabi niya: ‘Hindi gayon, Amang Abraham; kung isa sa mga patay ang pupunta sa kanila, magsisisi sila.’

Sinabi ni Abraham: ‘Kung hindi nila pakikinggan si Moises at ang mga propeta, bumangon man ang isa sa mga patay ay hindi pa rin sila maniniwala’.”

Komentaryo

Tinalakay ni Jesus sa talinhaga ang malaking pagkakahati ng mayaman at dukha. Dito pinangalanan niya ang dukha, pero hindi ang mayaman. Kadalasan ang mga may katayuan sa lipunan ang itinuturing na mahalaga at kinikilala. Datapwat kay Jesus, binigyan niya ng halaga ang isang pangkaraniwang tao. At ano nga ba ang kasalanan ng mayaman? Ang tanging nabanggit ay ang di niya pagpansin sa nakahandusay na si Lazaro sa kanyang pintuan. Isang malaking hamon ang buksan ang ating mga mata sa pangangailangan ng kapwa. Walang puwang kay Jesus ang pagbubulag-bulagan. Ikaw, sino ka? ang mayaman o ang dukha?

Biyernes, Pebrero 25, 2005
Ika-2 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Gen 37:3-4, 12-13, 17-28

Tinapay ng Buhay: Mt 21:33-43, 45-46

Sinabi ni Jesus sa mga punong-pari, at mga matatanda: “Makinig kayo sa isa pang halimbawa: May isang may-ari ng bahay na nagtanim ng ubasan; binakuran ang paligid nito, humukay para sa pisaan ng ubas, at nagtayo ng toreng bantayan. Pinaupahan niya ang ubasan sa mga magsasaka at naglakbay sa malayo. Nang malapit na ang panahon ng anihan, pinapunta ng may-ari ang kanyang mga katulong sa mga magsasaka para kubrahin ang kanyang bahagi sa ani. Ngunit sinunggaban ng mga magsasaka ang kanyang mga katulong, binugbog ang isa, pinatay ang iba at binato ang ilan.… Sa bandang huli, ipinadala na rin niya ang kanyang anak sa pag-aakalang ‘Igagalang nila ang aking anak.’ Ngunit nang makita ng mga magsasaka ang anak, inisip nilang ‘Ito ang tagapagmana. Patayin natin siya at mapapasaatin ang kanyang mana.’ Kaya sinunggaban nila siya, at pinalayas sa ubasan at pinatay.

“Ngayon, pagdating ng may-ari ng ubasan, ano ang gagawin niya sa mga magsasaka?” Sinabi nila sa kanya: “Hindi niya kaaawaan ang masasamang taong iyon; pupuksain niya ang mga iyon at pauupahan ang ubasan sa ibang magsasakang magbibigay ng kanyang kaparte sa anihan.”

At sumagot si Jesus: “Hindi ba ninyo nabasa sa Kasulatan? ‘Naging panulukang bato ang tinanggihan ng mga tagapagtayo. Gawa ito ng Panginoon; at kahanga-hanga ang ating nakita.’ Kaya sinasabi ko sa inyo: aagawin sa inyo ang kaharian ng Diyos at ibibigay sa isang bayang makapagpapalago nito.

(Magkakabali-bali ang mahuhulog sa batong ito at magkakadurug-durog ang mahuhulugan nito.)”

Nang marinig ng mga punong-pari at mga Pariseo ang mga talinhagang ito, naunawaan nila na sila ang pinatutungkulan ni Jesus. Huhulihin na sana nila siya ngunit natakot sila sa mga tao na kumikilala sa kanya bilang propeta.

Komentaryo

Sa kanyang talinhaga ipinakita ni Jesus ang malaking pagkakatulad niya at ng anak ng may-ari ng ubasan. Si Jesus di nga ba’y itatakwil at di malao’y papatayin ng sarili niyang bayan? Sa panahon ngayon, patuloy pa rin ang ginagawang pagtakwil ng nakararami kay Jesus, na kadalasa’y nagmumula sa mga taong nagsasabing sila’y tagasunod niya. Ngunit di maglalaon at ibibigay niya ang hatol sa kanilang mga di bukas-pusong tatanggap sa mga salitang kanyang ipinahahayag. Ipanalangin natin na nawa’y bigyang daan ng bawat isa sa kanyang buhay ang Mabuting Balita.

Sabado, Pebrero 26, 2005
Ika-2 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Mic 7:14-15, 18-20
Tinapay ng Buhay: Lc 15:1-3, 11-32

Lumapit kay Jesus ang lahat ng kolektor ng buwis at mga makasalanan para makinig. Kaya nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at mga guro ng Batas: “Tinatanggap niyan ang mga makasalanan at nakikisalo sa kanila.” Kaya sinabi ni Jesus ang talinhagang ito sa kanila:

Sinabi pa rin ni Jesus: “May isang taong may dalawang anak na lalaki. Sinabi ng bunso sa kanyang ama: ‘Itay, ibigay na ninyo sa akin ang parte ko sa mana.’ At hinati sa kanila ng ama ang ari-arian.

Pagkaraan ng ilang araw, tinipon ng bunsong anak ang lahat ng kanya at naglakbay sa malayong lupain. Doon niya winaldas ang sa kanya sa maluwag na pamumuhay. Nang maubos na ang lahat sa kanya, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing ’yon at nagsi-mula siyang maghikahos. Kaya pumunta siya at namasukan sa isang tagaroon, at inutusan siyang mag-alaga ng mga baboy sa bukid nito. At gusto sana niyang punuin kahit na ng kaning-baboy ang kanyang tiyan pero wala namang magbigay sa kanya.

Noon siya natauhan at nag-isip: ‘Gaano karaming arawan sa bahay ng aking ama na labis-labis ang pagkain at namamatay naman ako dito sa gutom. Titindig ako, pupunta sa aking ama, at sasabihin ko sa kanya: ‘Itay, nagkasala ako laban sa langit at sa harap mo. Hindi na ako karapat-dapat pang tawaging anak mo; ituring mo na akong isa sa iyong mga arawan.’

Kaya tumindig siya papunta sa kanyang ama. Malayo pa siya nang matanaw ng kanyang ama at naawa ito, patakbo nitong sinalubong ang anak, niyakap at hinalikan. Sinabi sa kanya ng anak: ‘Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa harap mo; hindi na ako karapat-dapat pang tawaging anak mo.’

Pero sinabi ng ama sa kanyang mga utusan: ‘Madali, dalhin ninyo ang dati niyang damit at ibihis sa kanya; suutan ninyo ng sinsing ang kanyang daliri at ng sapatos ang kanyang mga paa. Dalhin at katayin ang pinatabang guya, kumain tayo at magsaya sapagkat namatay na ang anak kong ito at nabuhay, nawala at natagpuan.’ At nagsimula silang magdiwang.

Nasa bukid noon ang panganay na anak. Nang pauwi na siya at malapit na sa bahay, narinig niya ang tugtugan at sayawan. Tinawag niya ang isa sa mga utusan at tinanong kung ano ang

nangyari. Sinabi nito sa kanya: ‘Nagbalik ang kapatid mo kaya ipinapatay ng iyong ama ang pinatabang guya dahil nabawi niya siyang buhay at di naano.’

Nagalit ang panganay at ayaw pumasok kaya lumabas ang ama at nakiusap sa kanya. Sumagot naman siya sa ama: ‘Maraming taon na akong nagsisilbi sa inyo at kailanma’y di ko nilabag ang inyong mga utos pero kailanma’y di ninyo ako binigyan ng kahit na isang kambing na mapagpipiyestahan namin ng aking mga kabarkada. Ngunit dumating lamang ang anak ninyong ito na lumustay sa inyong kayamanan sa mga babaeng bayaran, at ipinakatay pa ninyo ang pinatabang guya.’

Sinabi sa kanya ng ama: ‘Anak, lagi kitang kasama at sa iyo rin ang lahat ng akin. Pero dapat lamang na magdiwang at magsaya dahil namatay na ang kapatid mo at nabuhay, nawala at natagpuan’.”

Komentaryo

Sino nga ba sa atin ang walang kasalanan? Sa kuwento may magkapatid na lalaki na parehong bulag sa pag-ibig ng kanilang Ama. Nagpakalunod ang bunso sa tawag ng kamunduhan, ngunit nagbalik-loob ng mapagtanto ang kanyang paghihirap. Ang panganay ay nagmatigas, pinid ang puso sa pagpapatawad at lubhang namuhi sa kanyang kapatid. Gayunpaman, may ama na laging handang magmahal, umunawa at tumanggap sa mga anak niyang nagkasala. Sana ganoon din tayo.

Linggo, Pebrero 27, 2005
Ika-3 linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: Ex 17:3-7

Ngunit nauuhaw ang bayan at nagreklamo sila laban kay Moises: “Ba’t mo pa kami pinaalis sa Ehipto para patayin lamang kami sa uhaw, pati ang mga aming mga anak at mga hayop?”

Kaya sumigaw si Moises kay Yawe: “Ano ang gagawin ko sa bayang ito? Halos batuhin na nila ako!” Sinabi ni Yawe kay Moises: “Pumunta ka sa harap ng sambayanan, at isama mo ang mga matatanda ng Israel. Kunin mo ang tungkod na ipinanghampas mo sa Ilog Nilo, at pumunta ka sa harap ng sambayanan. Tatayo ako roon sa harap mo sa bato sa Horeb. Hampasin mo ang bato, at aagos mula rito ang tubig at may maiinom na ang bayan.”

Ginawa nga iyon ni Moises sa harap ng mga matatanda ng Israel.

Tinawag na Masa (o Pagsubok) at Meriba (o Reklamo) ang lugar na iyon dahil sa mga reklamo ng mga Israelitang sumubok kay Yawe sa pagsasabing “Kasama ba natin si Yawe o hindi?”

Ikalawang Pagbasa: Rom 5:1-2, 5-8

Sa pagiging matuwid natin dahil sa pagsampalataya, may kapayapaan tayo sa pamamagitan ni Jesucristong ating Panginoon. Sa pamamagitan niya tayo nakapasok sa kagandahang-loob na kinatatayuan natin at ipinagmamalaki natin ang pag-asa sa Luwalhati ng Diyos.

At sa pag-asa’y di tayo mapapahiya sapagkat ibinuhos sa ating mga puso ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santong ipinagkaloob sa atin.

Tingnan n’yo’t sa mismong panahon nang tayo’y walang kakayahan, namatay si Kristo alang-alang sa mga makasalanan. Bihirang may mamamatay para sa isang matuwid; may mangangahas nga sigurong mamatay alang-alang sa mabuting tao. Ngunit pinalilitaw ng Diyos ang pagmamahal niya sa atin nang mamatay si Kristo alang-alang sa atin noong tayo’y makasalanan pa.

Tinapay ng Buhay: Jn 4:5-16, 19-26, 39-42

Kaya dumating siya sa isang bayan sa Samaria na tinatawag na Sikar na malapit sa bukid na ibinigay ni Jacob kay Jose na kanyang anak. Naroon ang bukal ni Jacob. Dala ng pagod sa paglalakbay, basta na lamang naupo si Jesus sa may bukal. Magtatanghaling-tapat ang oras noon. May dumating na babaeng taga-Samaria para sumalok ng tubig at sinabi sa kanya ni Jesus: “Painumin mo ako.” Pumunta na noon sa bayan ang kanyang mga ala-gad para bumili ng pagkain.

Sumagot naman sa kanya ang babaeng Samaritana: “Judio ka, paano mo mahihingi sa akin, na babaeng Samaritana, na painumin kita?” (Sapagkat hindi nakikisalamuha ang mga Judio sa mga Samaritano.) Sinabi ni Jesus sa kanya: “Kung alam mo ang Kaloob ng Diyos at kung sino ang nagsasabi sa iyong ‘Painumin mo ako!’ hiningan mo sana siya at bibigyan ka sana niya ng tubig na buhay.”

Sinabi sa kanya ng babae: “Wala po kayong panalok at malalim ang balon. Saan po galing ang inyong tubig na buháy? Mas may kakahayahan po ba kayo kaysa aming amang si Jacob? Siya mismo ang nagbigay sa amin ng balon at dito siya uminom pati na ang kanyang mga anak at mga kawan.”

Sumagot si Jesus sa kanya: “Mauuhaw uli ang sinumang umiinom

sa tubig na ito. Ngunit hinding-hindi mauuhaw kailanman ang umiinom sa tubig na ibibigay ko sa kanya. Magiging isa ngang bukal sa kanya ang tubig na ibibigay ko, na bubukal tungo sa buhay na magpakailanman.”

Sinabi sa kanya ng babae: “Ibigay po ninyo sa akin ang tubig na ito nang hindi na ako mauhaw ni magparoo’t parito pa para sumalok dito.” Sinabi ni Jesus sa kanya: “Hala, tawagin mo ang iyong asawa at pumarito.”

Sinabi sa kanya ng babae: “Sa pansin ko’y isa kayong propeta. Sa bundok na ito sumamba ang aming mga ninuno. Ngunit sinasabi ninyong mga Judio na ang Jerusalem ang lugar na dapat sambahan.”

Sagot sa kanya ni Jesus: “Maniwala ka sa akin, babae, na dumarating ang oras na sasamba kayo sa Ama at hindi na sasabihing sa bundok na ito ni sa Jerusalem. Sumasamba kayo nang walang alam; sumasamba naman kami nang may alam dahil sa mga Judio galing ang kaligtasan. Ngunit dumarating ang oras, at narito na nga, na sa espiritu at katotohanan sasamba sa Ama ang mga totoong sumasamba. Ganito nga ang hangad ng Ama sa mga sumasamba sa kanya. Espiritu ang Diyos, at sa espiritu at katotohanan dapat sumamba ang mga sumasamba sa kanya. Sinabi sa kanya ng babae: “Alam kong dumarating ang Mesiyas, ang tinatawag na Pinahiran. At pagdating niya, ihahayag niya sa amin ang tanang mga bagay.” Sinabi sa kanya ni Jesus: “Ako siya na siyang nangungusap sa iyo.”

Mula sa bayang iyon, marami ang nagsimulang manalig sa kanya sa mga Samaritano dahil sa salita ng babaeng nagpatunay: “Sinabi niya sa akin ang lahat kong ginawa.” Kaya pagdating sa kanya ng mga Samaritano, pinakiusapan nila siyang sa kanila lumagi. At dalawang araw siyang namalagi roon. At mas marami pa ang mga naniwala dahil sa kanyang salita. At sinabi nila sa babae: “Hindi na dahil sa ’yong pangungusap kaya kami nananalig dahil kami na mismo ang nakarinig, at kinikilala namin na totoo ngang siya ang Tagapagligtas ng mundo.”

Komentaryo

Sinupil ni Jesus ang pagkiling sa isang lahi at ang mapaghati-hating kaayusang sosyal ng kanyang panahon. Siya’y nakipag-usap sa isang babaeng Samaritana na kumakatawan sa mga ordinaryong tao ng Palestina. Tagaibang probinsiya ang babae at nabibilang sa karibal na pagsamba subalit kabahagi rin sa mga pangako ng Diyos at naghihintay rin sa Tagapagligtas. Gayundin maituturing na hindi angkop para sa isang lalaki ang makipag-usap sa isang babae sa pampublikong lugar. Gayunpaman, ipinagkaloob ni Jesus

sa Samaritana ang hinahanap nito - ang tubig na pumapawi sa walang hanggang pagkauhaw ng tao. Gaya ng Samaritana, inaakay din tayo ng Panginoon na makilala at mahalin siya, maging ano pa man ang lahi, antas, at sitwasyong ginagalawan natin sa lipunan. Sa ganitong pagkakataon, dinadala niya tayo patungo sa tunay na pagbabagong-buhay. Isang buhay na walang pagkauhaw at pagkahati-hati!

Lunes, Pebrero 28, 2005
Ika-3 Linggo ng Kuwaresma

Unang Pagbasa: 2 H 5:1-15
Tinapay ng Buhay: Lc 4:24-30

Pagdating ni Jesus sa Nazaret, sinabi niya sa mga tao sa sinagoga, “Talagang sinasabi ko: walang propetang katanggap-tanggap sa sarili niyang bayan. Tinitiyak ko sa inyo na maraming babaeng balo noon sa kapanahunan ni Elias nang sarhan ang langit sa loob ng tatlo’t kalahating taon at nagkaroon ng matinding taggutom sa buong lupain. Gayon pa ma’y hindi ipinadala si Elias sa isa man sa kanila kundi sa babaeng balo ng Sarepta sa may Sidon. Marami ring mayketong sa Israel sa kapanahunan ni Propeta Eliseo pero wala sa kanilang pinagaling kundi ang Siriong si Naaman.”

Napuno ng galit ang lahat sa sinagoga pagkarinig dito, tumindig sila at ipinagtulakan siya sa labas ng bayan. Dinala nila siya sa gilid ng burol na kinatatayuan ng kanilang bayan para ihulog. Ngunit dumaan siya sa gitna nila at umalis.

Komentaryo

Si Jesus ay dumating at nangaral sa kanyang sariling bayan sa Nazaret. Ang mga taong nakasaksi sa kanya’y di nakinig bagkus inakalang higit nilang kilala si Jesus. Kaya kagyat niya silang pinangaralan at pinaalala kung paano na ang kagandahang loob ng Diyos ay namalas ng mga dayuhan sa panahon nina Elias at Eliseo. Nang ito’y kanilang marinig sila’y napoot at pinagtangkaan siyang patayin. Tayo bilang bayan ng Diyos, papaano ba natin tinatanggap si Jesus sa ating buhay? Handa ba tayong makinig sa Mabuting Balita na kanyang ipinahahayag sa atin?